

1

“Oatmeal for breakfast, tuna and vinegrette salad for lunch and wheat bread for merienda. How exciting!” nanlalamilyang sabi ni Izzy sa sarili habang pinag-aaralan ang website na inaayos niya para sa isang online fashion magazine. Napabuntong-hininga siya habang hinihimay ang bawat larawan na naaangkop sa main page ng site.

Bilang isang web designer sa *Pixels and Points*, trabaho niya ang gumawa ng web pages para sa kanilang clients. The main page serves as the main attraction on a website, that was why she needed to make sure that Internet viewers would have that ‘come-on’ feeling when they see it.

Dahil summer collection ang theme ng online fashion magazine, madami siyang pictures ng sexy girls at hot hunks na nagpapaalala sa kanya na kailangan niyang magbawas ng timbang dahil nalalapit na ang kasal ng kanyang nakababatang kapatid. Isa itong napakalaking favor na hindi niya matanggihan, kaya panay ang pagsubo niya ng roasted peanuts kapalit ng stocks niya ng chocolate bars.

Ito ang unang araw niya ng diet program. Unang araw pa lamang ay nais na niyang sumuko, pero wala siyang magagawa. Bantay-sarado siya ng kanyang mga kaibigan na sina Eve at Myra. Masigasig si Eve sa paghahanda ng kanyang daily food diet. Halos buong maghapon ay maririnig itong naglilitanya tungkol sa low fat, fat free, low calories, sugar free chuva, ngunit wala namang pumapasok sa utak niya tungkol doon. Sana lamang ay mapanindigan niya ito sa loob ng sampung buwan.

Umiwas na si Izzy sa dalawa nang mag-uwian na nang hapong iyon. Minabuti niyang maghapanan ng matinong pagkain. It simply meant sinful foods. Binusog niya ang naghihingalo niyang sikmura ng lechon kawali, kare-kare at three cups of rice. Wala siyang pakialam kung tawagin siyang cheater. Madami na siyang nagawang sakripisyo para sa sarili niya sa araw na ito.

“It’s time to celebrate!” bulong niya sa sarili. Hinimas-himas niya ang bloated niyang tiyan habang naglalakad papasok sa kanyang comfort zone, ang *Café Tazzina*.

“I believe there’s something wrong with the monthly inventory,” mahinahong sabi ni Blake sa

isang miyembro ng kanyang staff na nakatayo sa harap niya. “I suggest you redo the counting to make sure na hindi tayo ma-over sa pag-order ng stocks for next month.” Iniabot niya ang report dito.

Bahagyang tumango ang kanyang kausap at nagpaalam na.

“I’ll go down in a few minutes, paki-prepare na lang ng coffee ko. Thanks,” pahabol niya.

Halata ang stress sa kanyang mukha. Sa kabila ng kanilang malaking magazine business ay iginiit niya ang pagkakaroon ng sariling negosyo na lihis sa daang tinatahak ng kanyang pamilya. His father strongly disagreed on his new venture, that was why he sought out to prove his worth not because he was a son of a Villareal but because of his wit and skills.

Subalit kabi-kabila ang pressure mula sa dalawang negosyo—their family business and his own. Ilang minuto siyang pumikit sa kanyang pagkakaupo, hinimas ang kanyang sintido at saka bumunot ng malalim na hininga. Kailangan niyang malampasan ito kahit na zero ang love life niya. Nakakainit ng ulo ang sitwasyon niya. Kinuha na lamang niya ang laptop at lumabas ng kanyang opisina upang bumaba sa coffee shop.

“The usual, and please add extra cream and choco syrup this time. Thanks!” masayang sabi niya sa cashier. Kilala na si Izzy sa *Café Tazzina* dahil dito siya madalas magpunta simula nang magtrabaho siya sa *Pixels and Points*.

Ang Italian-inspired coffee shop na ito ay kilala sa iba’t ibang masasarap na timpla ng kape at ang masaya rito ay binibigyan nila ng option ang customer na mag-experiment ng sarili nitong timpla. Mahilig siyang mag-experiment ng coffee blends. Minsan na siyang na-recognize ng shop as ‘*Café El Jefe of the Month*’ nang minsang sumali siya sa pa-contest nila. Tulad ng kanyang ama na kilala sa pagiging baker, nasa dugo rin niya ang mag-imbento sa larangan ng pagkain.

“Ma’am Izzy, please wait for a while. Ipi-prepare lang namin ang coffee mo,” magalang na sagot ng baklang kahera na may name tag na ‘Edz’ habang iniaabot sa kanya ang resibo. Kaagad inihanda ng mga ito ang kanyang personalized coffee.

Umupo siya sa malambot na couch sa isang sulok ng shop at nagbukas ng magazine. Subalit hindi na niya tinangka pang magbasa dahil pulos larawan ng pagkain ang kanyang nakikita. Napahalukipkip na

lamang siya dahil sa lakas ng hangin na nagmumula sa air-conditioning system ng café at pinagmasdan ang paligid ng *Café Tazzina*.

This was a perfect spot for lovers at the heart of *Makati Park*. The ambiance was so cozy with indoor and outdoor tables. Outside, the smell of fresh leaves from the trees and the sound of chirping birds will make you feel like you're not in the city. Inside, one would have the sheer pleasure of inhaling the strong aroma of brewed coffee as you listen to the Italian soundtrack in the background. Photos and memorabilias of Italy lined up on the walls and shelves giving you the feeling that you were sitting somewhere in Italy.

Ilang minuto rin ang kanyang hinintay bago niya naulinigan ang kanyang pangalan. “For Ma’am Izzy, Sir BJ and Ma’am Cher!” sigaw ng barista habang inilalapag ang mga tasa ng kape sa counter.

Tatlo silang lumapit sa counter para kunin ang kani-kanyang kape. Masaya siyang bumalik sa kanyang inuupuan.

“Finally, a bad-day treat for Izzy,” mahinang sabi ng dalaga sa kanyang sarili. Parang tumigil ang lahat ng bagay sa kanyang paligid at nakasentro lamang ang lahat ng kanyang senses sa kapeng nasa harap.

Bahagya siyang pumikit habang nilalapas ang amoy nito. Parang slow motion pa habang dahan-dahan niyang itinataas ang mainit-init na tasa para tikman ang kanyang obra. Nanuot sa kanyang isipan ang malamyos na tunog ng Italian music at nang magtama ang kanyang mga labi at ang kape, bigla siyang napadilat.

“This is not my coffee!” bulalas niya sa sobrang dismay. Inikot niya ang kanyang mga mata sa buong coffee shop para hanapin ang dalawang taong kasabay niya sa counter. Sa kasamaang-palad, takeout ang order ng isang babae.

Sa sobrang sama ng loob ay nakalimutan niyang magpunta sa counter para roon magreklamo. Kaagad siyang tumayo at sinipat ang kinauupuan ng taong nakakuha ng kanyang kape. Nang mamataan ito ay kaagad na nag-init ng kanyang tainga at tinungo ang lalaking abala sa pagbabasa sa laptop nito. Nakatitig siya sa tasa ng kapeng nasa tabi ng laptop na ginagamit nito. Ilang segundo rin siyang nakatitig dito at hindi niya namalayang nakatayo na lamang siya ilang metro ang layo sa harap ng estranghero.

“Yes, can I help you?” Nagulat siya sa malalim na boses ng lalaki sa kanyang harapan. Patuloy pa rin ang pag-iinit ng kanyang tainga, ngunit kasabay niyon ay

naramdaman niya ang panlalamig ng kanyang mga kamay. Nakabukas ang dark brown, three-buttoned suit na suot nito. He was wearing a white button-down polo shirt with loosened gray silk tie. Waring nakalutang sa dim light ang hitsura ng lalaki habang maang na nakatitig si Izzy rito. Napakagat siya sa kanyang mga labi habang sinisipat ang kabuuan nito.

Oh, boy! sigaw niya sa kanyang isipan. Adonis in the flesh sitting right before her! Matangos ang ilong nito at may kissable lips. How come his face was so perfect? His eyes... It was so irresistible!

In short, guwapo.

“I t-think you have my coffee,” marahan niyang sagot habang nakalutang sa kanyang isipan ang lahat ng description na nakikita niya. Tumingin ang lalaki sa kanyang direksyon na naging dahilan para magtama ang kanilang mga mata. May kung anong sensasyong humihigop sa kanyang katauhan sa pagkakatatitig niya rito. *Charming*. Nakalimutan na yata niyang wala siyang interes sa mga lalaki as of the moment.

Bahagyang kumunot ang noo nito. “Well, I don’t think this is the right time to exchange cups. I already drank half of it. Unless you are that desperate...” Akmang hahawakan nito ang holder ng coffee mug

at iaabot sana sa kanya.

Desperate. Humiwa ang katagang iyon sa pandinig ni Izzy. *How dare you call me desperate!* Mabuti na lamang at nasa sarili pa siyang katinuan at hindi niya pinatulan ang lalaki. “Never mind.” Iyon lang ang lumabas sa kanyang bibig. Pinigilan niya ang kanyang sarili na ibuhos ang hawak niyang kape rito. “I just hope you watch your words, Mister.”

“My apologies.” Parang bato ang mukha nito. Not even a sign of guilt. Ibinalik nito ang atensyon sa laptop at itinuloy ang ginagawa.

“Enjoy my coffee na lang. And by the way, you’ve got a very bad taste. Cheers!” may sarkasmo sa tinig na sabi niya. Itinaas pa niya ang tasa ng kapeng hawak niya bago tumalikod dito. Hindi na niya tiningnan ang reaksyon nito at lumakad na siya papalayo sa lalaki. Padabog niyang ibinaba ang tasa at kinuha ang kanyang mga gamit sa lamesa. Nagdesisyon na lamang siya na umuwi para tapusin ang araw na iyon.

Umuusok pa rin ang kanyang tainga habang nagsusumbong kay Myra sa text message. Nagawa niyang ikuwento ang buong pangyayari gamit ang SMS.

Antipatikong lalaki ’yon! Wala man lang sincerity

sa pag-apologize! Mas mahal pa yata iyong in-order ko kaysa sa kape niya!

Sumagot ang kanyang kaibigan, *Let it go. It's just a cup of coffee. Besides, karma lang 'yan. Bawal sa 'yo ang cream and choco syrup. Guwapo ba?*

Bumalikwas sa pagkakadapa si Izzy sa kanyang kama. Matagal siyang tumingin sa kisame at inisip ang aroganteng lalaki na umagaw ng kanyang kape. Hula niya ay nasa early thirties na ito. Maliban sa antipatikong ugali nito ay wala na siyang masasabi pa kay Myra kundi 'Yummy!' Pumikit siya at muling lumabas ang imahen ng lalaking iyon sa kanyang isip.

May kung anong magnet sa mga mata nito. Hindi na siya magtataka pa kung sa loob ng shirt ng lalaki ay may nakatagong matitigas na abs. Kahit na seryoso itong humarap sa kanya ay malakas ang appeal na ibinubuga nito. Familiar ang mukhang iyon, parang isang model sa isang magazine. Bahagyang may kumurot sa kanyang puso, ngunit kaagad niyang binawi ang nararamdamang iyon dahil mas nanaig ang kanyang inis dito. Lalo na nang maalala niya ang lasa ng kapeng marahil ay inimbento lang din nito.

Naisip din niya na ganoon na lamang ang pagtrato nito sa kanya dahil malaki ang waistline niya at pumuputok ang kanyang balakang sa loob ng

Sweeter Than My Coffee - Karen Celerio

kanyang blouse at pantalon. Dahil sa pangyayaring iyon ay nabuo lalo ang kanyang determinasyon na makapagbawas ng timbang sa lalong madaling panahon.

“I’ll make sure you’ll pay for it, coffee grabber!” Iyon na marahil ang huli niyang nasambit bago siya mawalan ng ulirat at nakatulog.

2

“Jab! Jab! Now, cross! Cross!”

Malakas ang hagupit ng boxing gloves sa mabigat na punching bag na nakasabit sa isang sulok ng gym. Butil-butil ang pawis ni Izzy sa ilalim ng head gear na nakabalot sa kanyang mukha. Tutok na tutok ang kanyang mga mata sa punching bag habang imahen ng lalaking nasa coffee shop ang kanyang nakikita sa bawat suntok na pinakawalan.

“Okay, jab to the head! Again!” sigaw muli ng lalaking animo’y nagpapatrolya sa likuran niya. Binigyan niya ng straight punch ang mataas na bahagi ng punching bag. “One more time, to the head!” Buong puwersa niyang binayo ang kawawang bag na puno ng buhangin. Kung nakapagsasalita lamang ang punching bag ay marahil kanina pa ito sumisigaw sa sakit dahil sa malalakas niyang suntok.

Isang bagay lamang ang pilit niyang inaalala, kung ano nga ba ang kanyang panaginip nang nakaraang gabi na ikinasaya ng kanyang araw.

Eve recommended her to attend kickboxing sessions. Kaya pagkagaling sa opisina ay ang gym na

ang kanyang bagong hang-out place. Hindi naman siya na-disappoint sa kanyang trainor dahil unang sabak pa lamang niya ay madami na siyang natutunan dito.

“Uppercut! Again! Okay, hook! Hook!” utos ng trainor. Para siyang isang robot na may voice command at sa bawat hiyaw ay automatic niyang ginagawa ito. Ilang sandali pa ay nakaramdam na siya ng hapo at ang kanyang mga braso ay unti-unti nang kumikirot.

Napapitlag siya nang ilagay nito ang towel sa kanyang balikat. Naramdaman niya ang dampi ng kamay nito. “Let’s take a break,” anito at pagkatapos ay iniwan na siya. Umupo na lamang siya sa isang bench habang tinatanggal ang kanyang gloves at head gear.

“Basic punches ang jab, cross, uppercut at hook,” mahinang sabi ng kanyang katabi. “Learn to deliver it perfectly so that you can move on to your next lesson.”

A very familiar voice gave her goosebumps. Kaagad siyang lumingon sa kanyang tabi upang makasiguro na ang pinanggagalingan ng boses na iyon ay walang iba kundi...

“I’m Blake.” Nakipagkamay ang lalaki sa kanya.

Wala sa sariling iniabot niya ang kamay habang umiinom ng malamig na tubig mula sa kanyang tumbler. Kasabay niyon ang pagsipat niya sa kabuuan nito. This time, he was wearing white sando and jogging pants. His sweat revealed the curves beneath. She wanted to swoon in front of him. She felt her inside was burning not only because of kickboxing, but also because of the apparition of this god of perfection.

“I-Izzy.” Binawi na niya ang kamay. *Relax, Girl. Behave ka lang*, paalala niya sa sarili. “Thanks for the advice,” ismid niya. Iniiwas na lamang niya ang kanyang tingin sa mga mata ni Blake bago pa man siya tuluyang higupin nito.

“No problem.” Mapang-akit ang ngiti ng lalaki. Tumungo ito habang kinukuskos ng towel ang buhok nito. Napakabango ni Blake kahit na pawisan at hindi exaggerated ang putok ng mga muscles nito. Naisip ni Izzy, parang nag-iba ang mood nito ngayon. Natatandaan pa kaya nito ang isang babaeng katulad niya?

Ipapaalala sana niya sa lalaking ito ang ginawa sa kanya sa café, ngunit tinawag na siya ng kanyang trainor upang ipagpatuloy nila ang kanilang session.

“Nice meeting you.” Tumayo na lamang siya at tinapunan si Blake ng tingin. Tumingin din ang binata sa kanyang direksyon at kinindatan siya.

Hindi na niya ito nilingon pa nang bumalik siya sa kanyang training station. Nakapako na ang ngiti sa kanyang mga labi. Muli niyang inintindi ang instructions ng kanyang coach at ipinagpatuloy ang kanyang session. Gaya ng sinabi ni Blake, kailangan niyang mag-concentrate sa kanyang power punches. Siguradong makatutulong din ito para malusaw ang mga taba niya sa kanyang mga braso. Subalit kahit na inspired siya ay isang alaala ang tila multong bumulaga sa kanyang isipan.

“H-Honey, it is not what you think.” Waring na-paralyze si Jolo nang makita si Izzy sa pintuan ng opisina nito. Gulat na gulat siya nang matagpuan ang nobyo na nakikipaghalikan sa manager ng kalabang bakery sa tabi ng cake shop nila. Nakaupo ang babae sa office desk at nakabukas na ang butones ng blouse. Ni hindi namalayan ng mga ito na nakapasok siya sa loob ng opisina.

“I already caught you red-handed! Gusto mo pang magpalusot?” Umalingawngaw ang boses niya at kung may mga crew pa man sa cake shop marahil ay dinig siya ng mga ito. Akmang lalapitan siya ni Jolo

habang itinataas ang zipper ng pantalon. "Just stop right there! Don't you dare, Jolo!" singhal niya habang dinuduro ito. "Kaya pala ilang pastries ang nakokopya ng kabilang bakery, ikaw ang may kagagawan!"

She calmed herself down and tried to regain her composure. Saka niya tinalikuran ang dalawa at nagsimulang naglakad palabas ng opisina. "If I were you, I'd quit soon. Kapag nalaman nina Mama ang kawalanghiyaang ginagawa mo dito sa cake shop, p'wede ka naming ipakulong."

She stormed out of the shop that night as tears started to fall out of her eyes. After that, she promised herself not to love again. Falling in love with the wrong guy was bad for the heart and bad for their family business.

She could feel mixed emotions inside her as she tried to squeeze out all her energies in front of the punching bag. Naalala niyang muli si Jolo. Alam niyang hindi pa siya handang umibig muli, subalit nangungulila na ang kanyang puso sa pagmamahal ng isang lalaki. Naalala niya si Blake. Aminado siyang attracted siya rito. So damn attracted. Subalit alam niyang iba na ang sitwasyon ngayon. Hindi na ganoon kadali ang lahat dahil ni hindi siya kaakit-akit sa mata ng kahit sinong lalaki.

Lalong lumakas ang hampas ng boxing gloves sa manhid na punching bag. Kasabay nito ang mahihinang hikbi na kumakawala sa kanyang lalamunan. Hindi niya napansin ang umaagos na luha sa kanyang mga mata habang hinahabol niya ang paghinga. Nawala na sa rhythm ang kanyang mga power punches at nagmistula siyang nagwawalang baliw. Nag-aapoy ang kanyang pakiramdam habang tinutugis ang kawawang punching bag. She wanted to scream... She wanted to explode!

“Izzy! Izzy! Hey, stop it!” Hinawakan siya ni Blake sa kanyang mga braso. Patuloy pa rin ang pagdaloy ng luha sa kanyang mga mata. Napaluhod na lamang siya nang makaramdam ng panghihina. “Hey, what’s with you? Okay ka lang?” Tinanggal nito ang kanyang head gear at nakita ang mugto niyang mga mata. Niyakap siya ni Blake at sa mga bisig nito, muli siya nakaramdam ng init mula sa isang lalaki.

Then, everything flashed before her. Nagmistulang missing link ang mga braso ni Blake upang maalala niya ang panaginip na nagpaganda ng kanyang araw.

She was running at the seashore like those girls in her website photos. Yes, just like them, she was wearing a two-piece deep red bikini. Hinahabol siya ni Blake at siyempre nakasuot lamang ito ng

swimming trunks. Nang maabutan siya nito ay ikinulong siya sa matitipuno nitong bisig. Inihiga siya nito sa buhanginan at nagpahampas sa alon ng tubig. She felt the tickling touch of the powdery sand on her thighs na para bang nakahiga lamang siya sa isang mamahaling carpet. Tinitigan siya ng binata at unti-unti ay bumaba ang mga labi nito sa kanyang bibig. She savored the moment as their lips locked.

Saka niya narinig ang tunog ng kanyang alarm clock.

Ilang saglit pa ay nahimasmasan na si Izzy. Nakaramdam siya ng milyong boltahe ng kuryente sa pagkakayakap ni Blake, kaya dali-dali siyang lumayo rito.

“I... I’m sorry.” Doon lamang siya nakaramdam ng hiya lalo na nang mapansin niya na maraming tao sa gym ang patingin-tingin sa gawi nila. “This is so pathetic.”

May halong awa ang mga titig nito sa kanya. Iniabot nito ang tumbler at towel niya. “I am not in the position to tell you this, but...” Tumigil ito sandali at inayos ang basang buhok na nakasabog sa kanyang mukha. “Whatever your problem is, maaayos din ’yan. Walang problemang hindi nabibigyan ng solusyon. Just believe in yourself.”

“I... I know. I’m okay now. Thanks.” She couldn’t think of the right words to say. Lalo lamang siyang nanghihina dahil sa mabangong pawis ni Blake na kumapit sa kanya.

“That girl,” nasabi ni Blake sa kanyang sarili habang naliligo. There was something about her that suddenly drove him crazy. Nasa loob na siya ng kanyang sasakyan nang makita niya itong naglalakad sa kalye. Why on earth did he follow her to the gym?

Her character also interested him. Mula sa pagtataray nito sa kanya sa coffee shop hanggang sa pag-iyak nito sa boxing gym. It seemed like she revealed something to him and he wanted to unravel more.

Nang matapos sa paliligo ay nagsuot siya ng roba at lumabas sa balcony ng kanyang condo unit. Tumingin siya sa kawalan. Subalit imahen ng babaeng iyon ang tila nakaharap sa kanya kasama ng mga bituin. He recalled her face. She may be chubby but she was beautiful. Her china eyes were mesmerizing and her luscious lips drove him mad.

He watched her from afar as she threw her kicks and punches. He was aching inside when he saw her

breasts. When he noticed that something was wrong, kaagad na siyang lumapit dito upang aluin ito. Gusto sana niyang higpitan pa ang yakap sapagkat isang bahagi niya ang nagising dahil sa pagkakayakap niya sa babae.

Indeed, if there was something about Blake na hindi alam ng lahat ay hindi siya mahilig sa mga skinny girls na tulad ng mga babaeng modelo nila sa kanilang mga magazines. Isa rin ito sa mga dahilan kung bakit hanggang ngayon ay wala siyang mapiling babae na seseryosohin.

Until this girl came into his life. Ni hindi man lamang niya nakuha ang contact information nito. Not even her full name. He stalked her at the gym and yet, he got nothing which made him really go crazy that night.

“We will meet again, Izzy.” Napabuntong-hininga na lamang siya. “I will move heaven and earth just to find you.”

3

This is it, nasabi ni Izzy sa kanyang sarili. Katatapos lang niya sa paghahanda ng kanyang presentation sa conference room nang magsidatingan ang mga representatives ng bawat department na bahagi ng meeting.

Nakita rin niyang kasabay ni Myra na pumasok ang boss nila kasama ang kanilang mga clients. Mula sa unahan ay kita niya ang kumikislap na mga mata ng kaibigan habang nakikipag-usap sa kanilang mga bisita.

Parang maliit na auditorium ang kanilang conference room. Dalawampung katao lamang ang capacity nito at sila ay makakaupo sa naghanay na mga upuan na nakaharap sa isang elevated stage na may malaking whiteboard na nakadikit sa unahan. Sa likod naman nakapuwesto ang projector. Dim lights lamang ang nagbibigay liwanag sa buong kuwarto, kaya hindi niya masyadong makita ang mukha ng mga taong kanya-kanyang humahanap ng mauupuan.

“Are you ready, Izzy?” Tinapik siya ng kanyang boss na si Leon Ponce sa balikat habang nakatayo siya sa madilim na bahagi ng silid sa bandang unahan.

“Shall we start?” bulong nito.

“I’m ready, Sir,” confident niyang sagot. Wala siyang dapat ipag-alala sa presentation na iyon. Siya ang gumawa ng lahat ng design na ipi-present niya, kaya kahit baligtarin nila ito at himay-himayin ay kaya niyang sagutin ang bawat tanong na maaaring ibato ng mga ito sa kanya. Handang-handa siya para sa meeting na iyon. Pati ang kanyang getup. Nakasuot siya ng black slacks at itim ding deep scoop neck t-shirt. Pinatungan niya ito ng gray trench coat para itago ang kanyang mga bilbil. Sa ganitong mga panahon lamang siya pumoporma to boost her confidence at para rin hindi siya pagsawaan ng mga matang nakatitig sa kanya. Pagdating sa trabaho, walang makasisira ng kanyang self-esteem.

Tumango ito at nagsimula ang meeting.

Unang nagsalita ang kanyang supervisor. Nagbigay ito ng brief background about the company. Ipinahayag nito ang objectives and goals of the online fashion website project, benefits ng project sa company, ang estimated timeline at kung kailan ang target product launching. Matapos ng almost fifteen minutes of boring introduction ay ipinasa na ni Mr. Ponce ang center stage sa kanya upang maipakita niya ang mga sample designs.

“You can choose from these three designs that we have prepared for your main page.” Bumulaga sa kanila ang unang design sa malaking whiteboard. White and silvery gray ang theme ng site. Pagkatapos ay unti-unting nag-fade ang mga images ng models na naka-bikini at naglalaro ng volleyball sa tabi ng beach. Kasabay niyon ang masayang instrumental music na angkop sa summer. “This first web design exudes simplicity, elegance and it comes with a Flash presentation that automatically loads upon entering the website.”

Ipinakita rin niya ang dalawa pang designs habang pinag-aaralan ang mukha ng mga taong nanonood. Kahit na bahagyang madilim ay nakikita niya ang paminsan-minsang pagtango ng mga ito. Nakikita rin niya ang pagkamangha ng iba sa mga gumagalaw-galaw na animations.

“Every design has its own fallback. If you choose a fully designed page, chances are, web page loads will be slow. Sometimes, we need to consider 'yung mga taong may mahinang specification ng computer. O kaya naman those users na mabagal ang internet connection. However, if you try to keep it simple, it may not be that appealing to your prospect customers.”

So far, successful ang kanyang demo presentation. Pinabuksan niya ang ilaw sa buong conference room na naging hudyat para sa question and answer portion. Tatlong representatives ang dumalo sa kanilang meeting.

Laking gulat niya nang makita ang isang pamilyar na mukha. Parang napako ang kanyang mga paa sa pagkakatayo at nanigas ang buo niyang katawan. Hindi niya alam kung matutuwa ba siya o mahihiya. Lalo na nang magsalita ito para magtanong.

“As you were saying, each site has its own disadvantages. So, are you telling us that all these three web designs that you have presented are no good at all? Have you designed a page that does not have a downfall?” May authority ang tono ng pagsasalita ni Blake. Katulad ng pagkakasagot nito sa kanya noong una silang magkita sa *Café Tazzina*.

“I did not literally mean that they are no good at all. What I was saying was that every design has its own impact in different aspects like marketing aspects and technical.” Madiin ang pagkakasagot niya sa lalaki. “For example, you may opt for a very powerful design pero mabagal naman siyang mag-load. You may also opt for a very simple black and white, but your aura to your client will be very low.”

“Yeah, I know what you mean. Actually, inulit mo lang. What I was asking is that, were you not able to have a design that is *just right*?”

She really couldn't believe that she was having this kind of conversation with this guy. Sinisilihan ang kanyang batok at tainga sa sobrang inis. Hindi niya maintindihan kung bakit ganito ang pagtrato sa kanya ng lalaki. The first time they met, pakiramdam niya ay nabastos siya sa ginawa nito sa kanya. The second time, para itong maamong tupa. This made her conclude na hindi nga siya nakilala nito noong nagkita sila sa gym. Hindi niya hahayaang mabastos muli lalo na at nandito sila sa balwarte niya.

“Honestly, all these three designs are just right. What we're expecting from you is to choose the best design that would fit in your taste or would fulfill your objectives.” Nakita niya si Myra na nakangiti sa kanya at kakamut-kamot ng ulo. “I just stated those things as reminders that in the long run, it may be encountered.”

“I see, well, you may have stated it in a different way. It gave me a wrong impression.” Nilipat ni Blake ang mga mata nito sa papel sa harapan nito at tahimik na nagsulat. “That's all.”

What the...? Halos mapamura sa inis si Izzy.

Pinigilan niya ang kanyang sarili at pinilit ngumiti sa harap ng mga tao. Ramdam niya ang pamumula ng kanyang buong mukha at malamang ay abot ito hanggang sa kanyang mga tainga. *He really is an expert in dismissing a conversation rudely.*

“We’ll study the three templates first, then we’ll set another meeting. I can assure you that the decision will be ready by then,” sabat ng babaeng kasama nito.

Natapos ang meeting subalit hindi kaagad umalis ang iba sa mga nagsipag-attend dito. Hindi na siya naki-mingle dahil kailangan pa niyang ayusin ang kanyang mga ginamit sa presentation. Tahimik siyang nakaupo habang tinatangal ang mga cables ng laptop at projector nang lumapit ang kanyang boss.

“Great job, Izzy,” bati ni Mr. Ponce. Tumingala siya para tumingin sa direksyon nito. “By the way, you have to meet our clients. Guys, this is Elizabeth Chua, one of our bright web designers.” Tumayo siya para pormal na makipagkamay sa mga ito. “These are Jean and Chris, marketing executives.” Ngumiti siya sa dalawang bisita at inihanda ang sarili para harapin ang pinakaantipatikong lalaki sa balat ng lupa.

“...And this is Blake Villareal. Assistant Vice President of *Dazzle Magazine*.” Iniabot nito ang kamay sa kanya nang magtama ang kanilang mga

mata. Tinanggap niya iyon. Muli niyang nakita ang matamis nitong ngiti. Napawi ang inis niya dahil doon.

Waring sandali siyang nabingi pagkatapos niyang malaman na ang antipatikong lalaking ito ay AVP ng kompanyang ginagawan niya ng website. One side of him had all the rudeness at kaya pala ganoon ay ubod ng taas ang katungkulan nito. Subalit hindi naman siya papayag na gagawin lamang siyang tau-tauhan nito sa loob o maging sa labas ng opisina.

“The guy with a very bad coffee taste.” Bahagya niyang pinisil ang kamay ng binata para ipaalala rito ang kanilang first meeting. *Please, sana hindi mo ako nakilala noong nasa gym tayo* piping hiling niya.

“Elizabeth...” The way he said it sent a tingling sensation down her spine. He stopped for a while and looked straight into her eyes like he was seeing something beyond. “Oh, it’s you,” preskong sagot nito nang binitawan ang kamay ni Izzy. “S’abi ko na nga ba, you look familiar. I guess, I have mistaken you for someone else.”

Antipatiko!

“I’m glad you two are cool. We really thought you’re into some fight kanina or something.”

Napatawa ang boss niya nang makitang in good terms sila ni Blake matapos ang tension na nasaksihan ng mga ito kanina.

“Guess, I owe this girl a cup of coffee.” Nag-soften ang aura ng binata. Hindi na ito ang antipatikong lalaki sa coffee shop na nakilala niya kundi ang lalaking nakilala niya sa gym. “Masyado yata siyang na-tense kanina.”

Girl... Not lady or even woman.

“Well, maybe some other time,” sagot niya. Naghahalo ang kiliti at inis sa kanyang dibdib at sa pagkakataong iyon ay tatakasan na niya si Mr. Antipatiko. “If you’ll excuse me, Sir.” Tumingin siya sa kanyang boss at tinapunan ng ngiti ang mga guests. “I still have an appointment with my trainer.”

Tumango na lang ang superior niya. Tumalikod na siya at dali-daling iniligpit ang kanyang mga gamit. Suddenly she felt suffocated in the conference room that she hurriedly went out to get some fresh air. Laking gulat niya nang makita niya si Myra sa labas ng pinto.

“You scary cat,” patawa niyang nasabi kay Myra.

“So, you’ve met Mr. Awesome?” Halata ang excitement sa mukha ng babae, hindi na ito nakatiis

habang naglalakad sila sa hallway palayo sa conference room.

“Siya ba si Mr. Awesome? Well, apparently, he’s the same Mr. Antipatiko that I was telling you about a few days ago.” Pinindot niya ang up button ng elevator at hinarap ang kausap habang naghihintay na dumating ang lift sa kanilang floor.

“What a chemistry!” tudyong nito. Minabuti na niyang hindi sabihin ang kaibigan ang nangyari sa gym dahil lalo lamang siyang aasarin nito.

“Myra, as of the moment, hindi ako maka-connect sa iniisip mo. Sorry,” sarkastiko niyang sagot.

Mayamaya pa’y narinig nila ang ingay sa hallway at nakita nilang palapit sa elevator ang mga taong lumabas na rin sa conference room.

Muling naramdaman ni Izzy ang kurot sa kanyang dibdib. Pasimple niyang hinabol ang mga mata ni Myra upang bigyan ito ng babala na huwag gumawa ng kakaibang hakbang laban sa kanya. Saktong nagbukas ang pinto ng elevator na paakyat nang dumating ang mga ito sa kinaroroonan nila. Bago pa makabawi sa pang-aasar si Myra ay sumakay na siya. Laking pasasalamat niya nang hindi sumakay ang mga ito.

“I’ll call you,” bilin niya sa kaibigan. Muli siyang binigyan nito ng makahulugang ngiti habang sumasara ang pinto.

“Oh, Myra, please don’t forget the minutes of the meeting on my desk tomorrow,” bilin ni Mr. Ponce.

“Sure, Sir, I’ll have it ready before I leave tonight.” Gulat itong napangiti sa grupo. “Sir Blake! Kayo, ha? ‘Wag n’yo naman awayin si Izzy,” biro nito sa binata. Ilang linggo rin nilang niligawan ang kompanya nito para makuha ang project na iyon kaya madali na sa babae ang biruin ito.

Napangiti lamang si Blake. Isang linggo na ang nakakaraan magbuhat noong ipangako niya sa sarili na hahanapin niya si Izzy. Subalit naging sobrang abala na rin siya sa pag-aasikaso ng kanilang project kasabay ng pagpapatakbo ng kanyang business. Sino ang mag-aakala na si Elizabeth Chua pala ang nasa likod ng project na ito? He was just so damn lucky to see her again. He missed her so much. Now he got access to her email address, mobile number and even office address.

Gusto niyang magtatalon sa tuwa na parang bata sa conference room kanina. His Izzy was on the stage giving the best performance of her life. She was so confident and her power suit perfectly fitted on her.

He enjoyed gazing at her and again she was not aware of that. Kaya alam niyang natural ang kilos nito, hindi tulad ng ibang babae na nagpapa-charming upang makuha lamang siya.

Naalala niya ang naging dahilan kung bakit siya biglang napatapon sa *Dazzle Magazine*. Noong nasa *Body Curves Magazine* pa siya ay wala siyang ginawa kundi mag-enjoy sa bawat models na nandoon. Wala siyang sineryoso isa man sa mga babae sapagkat hindi talaga isang modelo ang tipo niya. Nang malaman ng kanyang ama ang ginagawa niya ay sobra itong nagalit. Bagay na pinagsisihan niya, kaya wala siyang balak na makasakit pang muli ng babae. Ganoon na lamang ang pagsusuplado niya lately sa sinumang babae na lumalapit sa kanya at nais makipag-usap. Unfortunately, nadamay si Izzy.

“I’ll do something about it, Myra. Don’t worry.” Hinugot ni Blake sa kanyang bulsa ang kanyang cellphone at nagbukas ng kanyang email.

Email sent.

Ilang minuto pa lang na nakakaupo si Izzy pagkabalik niya sa kanyang cubicle ay kaagad na tumunog ang kanyang phone. Hindi siya makapaniwalang updated kaagad si Eve sa mga nangyari.

“Ang bilis mo naman sa balita,” singhal niya rito habang nag-che-check siya ng email sa kanyang computer.

“Well, uso naman ang text message ngayon,” mayabang na sagot nito.

“...At uso din ang email ngayon,” mahinang dugtong niya. Lihim siyang napangiti habang tinititigan ang email na natanggap mula kay Blake.